

Marso 16, 2026

Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services tungkol sa:

PAMAMAHALA NG KASO AT PANGONGOLEKTA NG DATOS SA SISTEMA NG PANANALAPI

C-2026-Mga Kinakailangan sa Pag-uulat-001

Ang Dapat Malaman

Ang pangongolekta ng impormasyong nagpapakilala (tinatawag ding mga datos) tungkol sa mga indibidwal ay kinakailangan para sa pagsusumite, pagproseso, at pag-apruba ng mga pederal na claim. Nakakatulong din sa amin ang mga datos na ito upang matiyak na nauunawaan namin kung sino ang tumatanggap ng mga serbisyo mula sa mga regional center at na mayroon kaming tamang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa lahat. Ang ilang halimbawa ng ganitong uri ng mga datos ay ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at Social Security number. Ang pagpapabuti ng mga datos sa aming sistema ay nakakatulong sa amin na maghatid ang mahahalagang programang magagamit sa pamamagitan ng mga regional center.

Ano ang Magbabago

Hindi binabago ng liham na ito kung paano tumatanggap ng mga serbisyo ang mga indibidwal at pamilya. Ipinapaliwanag ng liham na ito sa mga regional center kung gaano kahalaga para sa kanila ang makilahok sa iba't ibang proyekto upang mapabuti ang kalidad ng datos na kanilang kinokolekta. Ito ay nangangahulugan na pinapayuhan ng Kagawaran ang mga regional center kung paano pinakamahasay na mangolekta ng mga bagong datos at kung paano lilinis ang kanilang mga lumang datos.

- Pagpapanatiling Ligtas ng Impormasyon: Alam naming maaaring may ilang tao na nag-aalala tungkol sa pagbabahagi ng kanilang personal na impormasyon. Ang impormasyon ng bawat isa ay protektado at pinananatiling pribado ng lahat ng batas sa pagkapribado ng estado at pederal. Matatagpuan ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga proteksyong ito sa fact sheet tungkol sa proteksyon sa pagkapribado.

May mga Katanungan?

Ang mga indibidwal at pamilya na may mga katanungan tungkol sa mga proteksyon sa pagkapribado ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang service coordinator.

Alamin Pa

Mangyaring suriin ang mga materyales sa [website ng Kagawaran sa pagkapribado](https://www.dds.ca.gov/general/hipaa) (<https://www.dds.ca.gov/general/hipaa>) upang matutunan pa ang tungkol sa iyong mga proteksyon sa pagkapribado.

